BAYAN MUNA – SORSOGON CITY CHAPTER

Abear Apartment, Brgy. Tugos, Sorsogon City

Press Release
November 19, 2005

Nitong Nobyembre 18, 2005, ay walang-awang pinaslang si Ricardo "Ding" Corral Uy sa kanya mismong tindahan sa Brgy. Basud West District Sorsogon City. Si Ding Uy ay nagtamo ng apat na tama ng baril sa kanyang katawan at isa sa kanyang ulo. Ang mga salarin ay pinaghihinalaang kagagawan at plano ng mga elemento ng Philippine Army dahil mismo sa mga patutsada nito ng paninira sa pagkatao ni Ding Uy. Katunayan, sa program sa radio ng Philippine Army, direkta at malisyosong binabanggit si Ding Uy bilang isang lider ng NPA. Isa itong malinaw na sirkumstansyal na pagpapatunay na ang grupo ng Philippine Army ang may banta sa buhay ni Ding Uy.

Sa kasalukuyan si Ricardo "Ding" Corral Uy ay isang lider masa na nagtataguyod ng karapatan at kagalingan ng Sorsoganon at ng mamamayan sa pangkalahatan. Siya ay Presidente ng ***Sorsogon Independent Media Reporters***, Chairman ng ***Bayan Muna*** – Sorsogon City, Co-convenor ng ***Sorsogon Power*** at isa sa nasa secretariat ng December 10 Committee. Siya rin ay kasama sa mga pakikibakang masa na inilulunsad ng mga mamamayan sa buong bansa at isa sa mga naninidigan laban sa walang habas na paglabag sa karapatang pantao na kagagawan ng mga militar. Maigting din niyang tinutuligsa ang serye ng pamamaslang sa mga lider masa dito sa probinsya.

Kung uugatin isa lamang si Ding Uy sa dalawampu't - isa (21) na kaso ng pamamaslang sa mga lider masa sa Sorsogon sa ilalim ng Rehimeng US – Arroyo na nasa plano mismo ng Philippine Army ang "**OPLAN PHOENIX**" na ang laman ay ang walang habas na pagpatay sa mga lider, simpatisador, Media at iba pang makabayan at progresibong sektor at organisasyon na nagtataguyod ng interes ng mamayan at kabulukan ng papet na rehimeng U.S Arroyo. Kung tutuusin, ang programang ito ng rehimeng Arroyo ay ang pinakamalala sa kasaysayan ng Pilipinas tungkol sa mga kaso ng pagpatay at nagpapatunay lamang na ang kasalukuyang rehimen ay desperado sa pagtatanggol sa kanyang kapangyarihan kasabwat ang berdugo nitong Philippine Army at ibang mga assets nito.

Ang Bayan Muna sa Sorsogon ay ipinaabot ang pinakamataas na termino ng pagkundena sa pagpatay sa aming kasamahan.

Taas-kamao rin kaming nagpupugay sa mga di matatawarang inambag ni kasamang Ding Uy sa mga pakikibakang masa at sa kanyang pagsisilbi sa mamamayan.

KATARUNGAN KAY KASAMANG DING UY!
KATARUNGAN SA LAHAT NG BIKTIMA NG PAMAMASLANG NG BERDUGONG MILITAR NG ESTADO!